

Long Beach Police Department

IWASAN ANG IYONG PAGKAKATAONG MAGING BIKTIMA NG PAGNANAKAW SA LOOB NG TAHANAN

PAANO PIGILAN ANG ISANG BREAK-IN

- ◆ Tandaan, ang hindi nakakandadong kandadado ay hindi isang kandado. Palaging i-kandado ang iyong mga pinto at bintana kahit na aalis lamang ng ilang minuto.
- ◆ Huwag mag-iwan ng mga mensaheng nagsasabing wala ka sa bahay at kung kailan ka babalik.
- ◆ Maging pamilyar ka sa mga tao at sasakyan sa iyong kapitbahayan.
- ◆ Mag-ingat sa mga kahina-hinalang taong kumakatok sa mga pinto. Maaaring mga magnanakaw ang mga ito at tinitignan kung may tao sa loob. Tumawag ng tulong sa pulisya kung pinaghihinalaan mong may kahina-hinalang balak ang isang tao.
- ◆ I-screen nang tama ang lahat ng mga nagtatrabaho at kontraktor.
- ◆ Huwag kailanman maglagay ng pangalan o identification tag na nakakabit sa iyong mga susi ng bahay o sa harap ng iyong tahanan. Kung mawala o manakaw man ang mga ito, baka magkaroon ka ng hindi-inaasahang bisita.
- ◆ Huwag kailanman mag-iwan ng susi ng bahay sa labas ng iyong bahay, sa ilalim man ito ng doormat, sa ilalim ng paso, sa ilalim ng bato o sa gilid ng pinto.
- ◆ Panatiliing nakasara at nakakandado ang pinto ng iyong garahe kung wala ka sa loob o malapit dito. Maaaring pumasok ang mga magnanakaw sa bukas na garahe at kunin ang mga bisikleta, mga kagamitan at iba pang mamahaling bagay sa loob ng ilang segundo lamang.
- ◆ Panatiliing nakatabas ang iyong mga puno at talahib para hindi nito matabingan ang tanaw ng iyong tahanan o ang pagtingin sa labas mula rito. Ang mga matataas na puno at shrub ay maaaring pagtaguan ng mga magnanakaw at ang mga malalaking sanga ng puno ay magandang mga hagdan para sa mga magnanakaw.
- ◆ Tiyaking ang mga numero ng iyong tirahan ay nakikita sa parehong gabi at araw. Ilagay din ito sa iyong bakod sa likod kung nakatapat ito sa isang alley, dahil makatutulong ito sa mga pulis na matunton ang iyong tahanan sa panahon ng isang emergency.
- ◆ Ang pinaka pumipigil sa krimen ay ang pagpapailaw, kaya't panatiliing naiilawan nang mabuti ang iyong tahanan.
- ◆ Panatiliing nakabukas ang iyong porch light sa gabi o isaalang-alang na maglagay ng isang photocell sensor. Awtomatikong bubuksan ng sensor na ito ang iyong mga ilaw sa dapithapon at papatayin sa madaling araw.
- ◆ Gumamit ng mga timer sa loob ng iyong tahanan sa mga oras na wala ka sa iyong tahanan.
- ◆ Mag-invest sa isang burglary alarm system. Bukod sa mga mahusay na kandado at ilaw, ang mga burglar alarm ay karagdagang seguridad sa iyong tahanan.
- ◆ I-engrave sa iyong mga mahahalagang gamit ang iyong California drivers license number. Ginagawa nitong mas mahirap isangla ang iyong mga ari-arian at tinutulungan nito ang nagpapatupad ng batas na makilala ang iyong ari-arian, kung mabawi ito.
- ◆ Tandaan, kung umuwi ka at makakita ng isang basag na salamin, bukas na pinto o ebidensya na may nakapasok sa iyong tahanan, HUWAG PUMASOK! Tawagan agad ang pulisya!



Long Beach Police Department

**Police Communications
Center Emergency: 9-1-1**

Non-Emergency: 562-435-6711

Headquarters: 562-570-7260

Website: longbeach.gov/police

KUNG NAKASAKSI KA NG KAHINA-HINALANG AKTIBIDAD, PAKITAWAGAN AGAD ANG LONG BEACH POLICE DEPARTMENT. HABANG ANG IBANG KAHINA-HINALANG AKTIBIDAD AY MAY MGA INOSENTENG PALIWANAG, MAS NANAISIN NG POLICE DEPARTMENT NA IMBESTIGAHAN ANG ISANG SITWASYON AT PIGILAN ANG ISANG KRIMEN, KAYSA MATAWAGAN NANG HULI NA ANG LAHAT. PAHAHALAGAHAN ITO NG IYONG MGA KAPITBAHAY!